Makakatulong ito sa inyong pagboto

Ano ang sasabihin sa opisyal ng botohan. Sabihin sa opisyal na nasa mesa sa lugar ng botohan ang inyong buong pangalan (ang apelyido at pangalan) at ang inyong tirahan. Titingnan ng opisyal ang listahan ng mga botante kung naroon ang inyong pangalan at kung maaari kayong bumoto. Kung kinakailangan, maaari ninyong isulat ang mga detalyeng ito sa kapirasong papel at ibigay ito sa opisyal na nasa mesa.

Mga Balota

Ang opisyal ay magbibigay sa inyo ng dalawang **(2) balota. Isang maliit na balota para sa Kapulungang Pambatasan** (Legislative Assembly) (upang gamiting pamboto sa kinatawan ng inyong distrito) at **isang malaking balota para sa Konsehong Pambatasan** (Legislative Council) (upang gamiting pamboto sa 21 miyembro ng Konseho).

Dalhin ang mga balota sa isang booth sa lugar ng botohan kung saan maaaari ninyong markahan ang inyong mga boto nang pribado.

Pagboto sa Kapulungang Pambatasan (Maliit na Balota)

Sulatan ang balota ng numero “1” sa loob ng kuwadradong katabi ng pangalan ng kandidatong pinili ninyong bigyan ng inyong unang boto (first preference). Kung gusto ninyo, maaari ring bumoto ng iba pang mga kandidato sa pagsulat ng mga magkakasunod na numero magsimula sa “2” sa loob ng mga kuwadradong katabi ng mga pangalan ng iba pang mga kandidato ayon sa pagkakasunod-sunod ng inyong kagustuhan sa kanila.

Pagboto sa Konsehong Pambatasan (Malaking Balota)

Sa pagboto ng Konsehong Pambatasan, maaari kayong bumoto sa itaas o ibaba ng makapal na linyang-itim sa balota.

Pagboto sa itaas ng makapal na linyang-itim

Maaari kayong bumoto sa itaas ng makapal na linyang-itim sa pagsulat ng numero “1”sa loob ng kuwadradong nasa itaas ng grupo ng mga kandidatong nais ninyong iboto. Kung gusto ninyo, maaari kayong bumoto ng iba pang grupo ng mga kandidato sa pagsulat ng magkakasunod na numerong magsimula sa “2” sa loob ng mga kuwadradong nasa itaas ng mga karagdagang grupo ng iba pang mga kandidato ayon sa pagkakasunod-sunod ng inyong kagustuhan sa kanila.

Pagboto sa ibaba ng malapad na linyang-itim

Maaari kayong bumoto sa ibaba ng malapad na linyang-itim sa pamamagitan ng pagsulat ng mga numerong “1”, “2”, “3”, “4”, “5”, “6”, “7”, “8”, “9”, “10”, “11”, “12”, “13”, “14” ng “15” sa loob ng mga kuwadradong katabi ng pangalan nila ayon sa pagkakasunod-sunod ng inyong kagustuhan (preferences) sa kanila. Kung gusto ninyo, maaari kayong bumoto iba pang mga kandidato sa pagsulat ng numerong magsimula sa “16” sa loob ng mga kuwadradong katabi ng mga pangalan ng iba pang mga kandidato ayon sa pagkakasunod-sunod ng inyong kagustuhan (preferences) sa kanila.

Ang Kahon ng Balota

Pagkatapos ninyong sulatan ang mga balota, tiklupin ang mga ito upang ang ibinoto ninyo ay hindi makita at **ilagay ang mga balota sa nakalaang kahon ng balota bago umalis sa lugar ng botohan**.

Mahalaga

Tiklupin ang mga balota upang ang inyong isinulat ay hindi mababasa, ipakita ang nakatiklop na balota sa opisyal ng botohan at ilagay ito sa nakalaang kahon ng balota.

Pagboto nang Nakaliban

Kung kayo ay malayo sa elektoral na distrito sa araw ng botohan, maaari pa rin kayong bumoto. Pumunta sa mesang may pasking "**ABSENT**" at sabihin sa opisyal doon kung taga-saan kayo. Itatanong ng opisyal ang inyong pangalan at tirahan at isusulat ito sa isang sobre na inyong pipirmahan. Pagkatapos, bibigyan kayo ng mga balota. Ang mga ito ay kailangang kumpletohin sa loob ng booth ng botohan, tiklupin at ibalik sa opisyal ng botohan na siyang maglalagay ng mga ito sa sobre, isasara ito at ilalagay ito sa loob ng kahon ng balota.

Ang Inyong Pangalan ay Wala sa Listahan

Kung ang inyong pangalan ay wala sa listahan o dahil sa kamalian ng isang opisyal ng botohan ay namarkahang nakaboto na, kayo ay may karapatan pa ring bumoto at maaaring mag-aplay para sa isang "Section Vote". Kayo ay bibigyan ng isang sobre na may deklarasyon na kukumpletohin ng opisyal para sa inyo at papipirmahan sa inyo. Sasaksihan ng opisyal ang inyong pirma, itatabi ang sobre at bibigyan kayo ng mga balota. Pagkatapos makumpleto ang mga balota, ibalik ang mga ito sa opisyal. Ilalagay ng opisyal ang inyong mga balota sa sobre, isasara ito at ilalagay ito sa loob ng kahon ng balota.

Sikretong Boto

Walang karapatan ang sinumang tao na malaman ang inyong ibinoto. May mga botante na nag-aalalang ang paglagay ng mga balota sa isang sobreng pinirmahan nila ay maaaring magbigay daan para sa sinumang taoo na malaman ang kanilang binoto.

Ang Opisyal ng Pagbibilang (Returning Officer) o isang hinirang na opisyal lamang ang maaaring magbukas sa mga sobre sa harap ng mga "Scrutineers" (tagasuri). May mga natatanging tagubilin tungkol sa pamamahala sa mga balota kabilang ang pag-aalis ng mga ito mula sa sobre at paglalagay kaagad sa kahon ng balota.

Natatanging Tulong

Ang mga taong hindi marunong sumulat o bumasa ng mga tagubilin, o may-kapansanan ay maaaring magpatulong sa isang kaibigan o kamag-anak sa pagboto. Maaari rin silang magpatulong sa isang opisyal ng botohan.

Mga nasirang balota

Kung sa pagkakamali o aksidente, nasira ang inyong balota, huwag itong punitin o itapon, ibalik ito sa opisyal ng botohan upang mapalitan.

TAGALOG